# Kalikasan, Uri at Kakanyahang Pang-etniko: *Ang Imperyalismong Estados Unidos sa Kordilyera ng Hilagang Luzon*

ROWENA REYES-BOQUIREN, PH.D.*

This paper tackles the great effects of American Imperialism in the Cordillera of Northern Luzon. These are the imposition of fundamental social changes and the transformation of the mode of production in the communities. It focuses on how social changes imposed by the United States on the natives in terms of infrastructures, religion and ideology not only resulted in the abuse of natural resources of the Cordillera, but also the destruction of the fundamental of the life and system of ethnicity, as well as the intensification of social discrimination and weaker communal ethnicity.

Also included in the discussion are the three issues of nature, kind and ethnicity in the Cordillera which are strongly later connected and how the integrity of the native communities as well as the direction of their history as natives of a country with cultural pluralism are dependent on their control of ancestral land. These lands however were successfully abused by the Americans inspite of the relative success of the natives of the Cordilleras to protect it against the previous Spanish colonials.

* Propesor ng Kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, Baguio.

> Inililigtas ng *manmantala* at *pinadding* ng baboy damo ang mga hayop sa kagubatan mula sa mga mangangaso. Ipagkakait ng *pinadding* ng kalabaw at gintuang puno ang kanilang grasya mula sa gahaman na minero.
>
> – Matandang paniniwalang Ibaloy

> May sariii kaming mga batas na nagtatakda ng aming kalupaan, ang aming pamayanan (ili) kasama ang lahat ng naaabot ng aming teritoryo at hugis (hangganan o boundaries) na nagagabayan ng aming katutubong batas at *peace pact*.
>
> – Kalinga tribal leader

## I. PANIMULA

Kung may naging pinakamalaking epekto ang imperyalismong Estados Unidos (EU) sa Kordilyera ng hilagang Luzon, tiyak na wala nang hihigit pa sa pagiging masaklaw at pundamental ng pagbabago kaysa sa ibinunga nitong transpormasyon ng moda ng produksyon ng mga pamayanan. Dahil sa pagpasok ng mga pribadong korporasyon sa pagmimina at pagtrotroso, komersyalisasyon ng agrikultura, pag-uugnay ng lokal na ekonomiya sa pambansang pamilihan, at paglulunsad ng malawakang *social engineering* sa imprastruktura, edukasyon, relihiyon, at kaisipan, hindi lamang sinasamantala ng imperyalismong EU ang likas yaman ng Kordilyera kundi winasak pa nga ang batayan ng buhay at sistemang pangkalinangan, pinaigting ang makauring pagkakahati ng lipunan, at pinahina ang kakanyahang pang-etniko ng mga pamayanan.

Gaya ng mahihinuha sa sinuping artikulasyon ng mga Ibaloy at Kalinga, mahigpit na magkakaugnay ang tatlong usapin ng kalikasan, uri at etnisidad sa Kordilyera. Bibigyang pansin ng papel ang ugnayan ng tatlong usaping ito upang maunawaan ang batayan ng may 100 na taon nang pakikibaka ng mamamayan ng Kordilyera sa imperyalismong EU. Taga-Kordilyera man o hindi, mahalaga para sa lahat ng Pilipino na maintindihan kung paanong nakasalalay sa kontrol ng lupang ansestral hindi lamang





Fig. 1 Mga probinsyang itinatag ng pamahalaang kolonyal ng EU.

ang pagpapanatili ng integridad ng mga katutubong pamayanan kundi maging ang kanilang tunguhing istorikal bilang katutubong mamamayan ng bansang may pluralismong kultural.

Naging tampok ang Kordilyera kaugnay ng Digmaang Pilipino-Amerikano dahil naitatag sa isa sa mga probinsya nito ang pinakaunang pamahalaang sibil ng estadong kolonyal sa ilalim ng Estados Unidos. Pagkatapos tugisin at pasukuin ang mga katutubong lider tulad nina Mateo "Bahag" Carantes, Juan "Oraa" Carino, Valeriano "Buhao Biiet" Guillet at Magastino Laruan[1], itinatag sa Benguet noong ika-23 ng Nobyembre 1900 sa pamamagitan ng *Philippine Commission Act No. 48* ang pamahalaang sibil at sinimulan ang lahatang-panig na pagsakop at transpormasyon ng probinsya. Nasundan ito ng paglikas ng brigada ni Tinio mula Ilocos patungong Abra kung saan nagtulungan sa loob ng sumunod na isa't kalahating taon ang mga Kristiyanong Iloko, Tinggian at mga Isneg sa paglaban sa mga sundalong Amerikano hanggang Mayo 1901. Nagpatuloy ang proseso ng pagsupil sa pakikibakang anti-kolonyal hanggang noong ika-18 ng Agosto 1908 sa bisa ng Act No.1876 nang itatag ang buong Mountain Province bilang isang yunit pampulitika. Gaya ng makikita sa Fig. 1, may 7 sub-probinsya ang unang eksperimento sa pampulitikang pagbubuklod ng Kordilyera sa





Fig. 2 Mga Grupong Pangkultura sa Kordilyera

ilalim ng mga Amerikano: Benguet, Lepanto, Amburayan, Bontoc, Ifugao, Kalinga at Apayao. Bagamat tumagal pa ang pakikibaka laban sa imperyalismong EU hanggang 1913 sa huling laban sa Waga sa sub-probinsya ng Apayao nagsilbing hudyat ang *Benguet Law* (mas popular na tawag sa Act No. 48) at ang pagkakatatag ng iisang *Mountain Province* sa tunay na sistematiko at kumprehensibong pagpapailalim ng mga pamayanang katutubo sa batas ng estadong kolonyal.

Maaalala na hindi epektibong napasailalim sa Espanya ang Kordilyera kahit naitatag ang mga *comandancias-politico-militares* sa huling 50 taon ng kolonyalismong Kastila. Liban sa pagtatatag ng isang korporasyon sa pagmimina noong 1856 *(Sociedad Minero Metalurgica Cantabro Filipina de Mancayan)* at pagbibigay ng titulo sa ilang indibidwal sa Benguet at *Mountain Province,* hindi nawala sa mga katutubong pamayanan ang kontrol sa kalupaan at likas yaman nito. Sa pagpasok na lamang ng imperyalismong EU tunay na nagsimula ang pag-sasamantala sa mayamang kalupaan ng mabundok na rehiyon, na nagbunga ng mga bagong tunggalian sa puwersa at relasyon ng produksyon. Kaalinsabay ng mga pangyayaring ito ang paghina ng kaisahang pang-etniko ng mga katutubong pamayanan at pagpapalala sa makauring pagkakahati ng lipunang katutubo.

Tanyag ang Kordilyera sa pagkakaroon ng masaganang likas yaman sa mabundok nitong kalupaang pinapagitnaan ng Central Cordillera sa hilaga (ang pangunahing anyong lupa sa Cordillera

*biogeographic region* na binubuo ng mga probinsya ng *Cordillera Administrative Region,* La Union, and Ilocos Sur), ang Caraballo sa bahaging silangan, at ang Sierra Madre sa bandang silangan ng Nueva Vizcaya, Nueva Ecija at Quirino. Mayaman ang Kordilyera sa mga mineral, kahuyan, matabang lupa, tubig at enerhiya. Sa ngayon, mahigit 60% ng kabundukan ay gubat na *dipterocarp, mossy* at *pine,* at pinagmumulan ng 5 malalaking ilog na nagbibigay benepisyo sa malaking bahagi ng Luzon. Hindi naging lingid ito sa mga Amerikanong opisyal dahil na rin sa mga nasagap na balita mula kay Dean C. Worcester na noong 1880s pa lamang ay nakalibot na ng Filipinas. Hindi nakakapagtaka, kung gayon, kung bakit sa mga na-interbyu ng mga miyembro ng *Schurman Commission* sa Pilipinas noong 1899 tulad nina F. H. Donaldson-Sim at Jose Camps, mga banyaga na dating nanirahan sa Benguet, ay paulit-ulit na inimutang ang mga tanong kung totoo nga ba o hindi na sagana sa yamang mineral ang probinsya; kung ano ang kalagayan ng agrikultura, mga tanim at hayop na inaalagaan, ang kalagayan ng pamilihan at transportasyon, at iba pa[2]

Isang katangian din ng rehiyon ang pagkakaroon ng mayamang tradisyong pangkultura, dahil sa maraming grupong etniko na nakapaloob dito. Ang mga grupong etniko na tinutukoy ay ang Isnag, Kalinga (may di bababa sa 56 na mas maliliit pang grupo), Tinggian, Kankanay, Bontok, Ibaloy, Ifugao (Ayangan, Tuwali, Kiangan, Kalanguya), Gaddang, Ilongot, Kalanguya, at ang Agta. Ipinapakita ito sa Fig. 2. Maidagdag pa rin ang maliit na grupo tulad ng Bago, Aplay, Madukayan, Baliwon, Balangao, Karao, Panuypuy, at iba pa. Bagamat minorya sila ngayon sa pambansang antas, sila naman ang mayorya sa rehiyon ng Kordilyera. Dahil hindi epektibong nakolonisa ng mga Kastila at, kung gayon, naiiba sa mga *indio* sa malaking bahagi ng Pilipinas, binigyang diin ng mga Amerikano ang pag-aaral sa katangian ng mga pamayanang katutubo, pati na ang kanilang ikinabubuhay at mga rekurso sa kapaligiran. Maagang itinatag ang *Bureau of Non-Christian Tribes* noong 1901 dahil na rin sa mahigpit na pagnanais ni Dean Worcester na pangalagaan ang kapakanan ng mga katutubo alinsunod sa paternalistikong ideya ng *"white man's burden."*





Fig. 3 Katutubong batayan ng pagmamay-ari at paggamit sa kalupaan

Bunga ng epekto ng kolonyalismo sa rehiyong may pluralismong kultural, isang partikularidad ng mga pamayanan ngayon ang pag-iral ng kalagayan sa produksyon na kung saan ay may salimbayan ang mga katutubong institusyon at mga bagong salik na ibinunsod ng mala-pyudal at kapitalistang relasyon sa produksyon. Sinasaklaw ng mga katutubong institusyon ang papel ng mga *lallakay* sa paggawa ng desisyon sa pagkontrol ng pagmamay-ari at paggamit ng kalupaan; pagpapatuloy ng tradisyon ng kolektibong paggawa at pamumuhay; paglutas sa mga hidwaan at tunggalian, at pagpapanatili sa kaayusang panlipunan. Dahil sa masaklaw at malalim na impluwensya ng estadong kolonyal, nasa iba't ibang antas ng transpormasyon ang mga sistemang kultural ng mga pamayanan ngayon, habang nakapailalim nang tuluyan sa kontrol ng mas malaking sistemang pampulitika, kultura at pang-ekonomiya

Paano nga ba ibinunga ng imperyalismong EU ang mahahalagang transpormasyon sa kalagayan ng produksyon na nagpabago sa kalagayan ng kalikasan, uri at etnisidad?

## II. Ang Kordilyera sa Pagpasok ng Imperyalismong EU

### *A. Lupa Bilang Batayan ng Kakanyahang Pang-etniko*

Sentral na konsepto ang lupa sa buhay ng mga pamayanan sa Kordilyera. Nakaugat sa sistema ng paggamit at pagmamay-ari ng lupa ang kaisahan pang-etniko, pati na ang ugnayan ng iba't-ibang pamayanan. Nakaugat sa tradisyong ekolohikal ang tradisyong pangkabuhayan at mahigpit itong tumagos sa kabuhayan, paniniwala, relihiyon, at pakikiugnay sa kapwa at ibang pamayanan. Bawat uri ng paggamit ng lupa ay may nakatakdang mga regulasyon at paniniwala na gumagabay sa pagmamay-ari at wastong pangangalaga dito. Mayaman ang katutubong kaalamang bunga ng mayaman na karanasan sa tuwirang paggamit at paglinang sa lupa at likas-yaman nito. Ang mga gawi at kaisipan kaugnay sa pagmamay-ari at paggamit sa lupa ay sentral sa umiiral na pagpapahalaga at pangangalaga ng kalikasan.

Mahalagang linawin ang mga uri ng pagmamay-ari at paggamit ng kalupaan upang higit na maunawaan natin ang kaayusang panlipunang dinatnan ng imperyalismong EU.[3] Gaya ng makikita sa Fig. 3. hinahati sa tatlo ang batayan ng pagmamay-ari at paggamit sa lupa at likas-yaman nito:

1. Pribadong pagmamay-ari sa lupang kinatitirikan ng tahanan *(homelot)* at halamanan *(home garden)* sa paligid nito, gayundin sa mga permanenteng sakahan na natutubigan (o mga payew). Itinuturing na pribado ang ganitong mga gamit at pagmamay-ari dahil pinagbuhusan ng lakas paggawa ang paglinang sa kalupaan sa loob ng maraming salinlahi, kaya't naipapamana *(tawid)*. Gayunpaman pinananatili sa loob lamang ng angkan *(clan,* partikular sa Ifugao) at pamayanan (*ili,* sa iba pang erya) ang pagmamay-ari ng lupa: hindi maaaring ipagbili sa mga hindi mamamayan ng lugar (taga-ibang lugar).

2. Karapatan ng pamilya, angkan, at *dap-ay* na gamitin *(usufruct,* hindi bilang pagmamay-ari) ang lupang kinakaingin *(uma)* at pinapagpastulan ng malalaking hayop. Sa ganitong uri ng lupa, mas may karapatan na gumamit ang sinumang naglilinis ng erya, at maaari lamang gamitin ng iba kung hindi na kailangan o kaya'y may pahintulot mula sa mas nauna ritong gumamit

3. Kolektibong pagmamay-ari ng buong *dap-ay*, pamayanan at grupong etnolingwistiko (maaaring binubuo ng ilang magkakasapi na pamayanan) ang mga bundok kasama ang gubat at *watershed*. Nagmumula sa gubat ang mga hayop, kahoy, tubig at iba pang likas-yamang ginagamit ng mamamayan ng komunidad. May mga regulasyon sa paggamit ng kalupaan at pagkuha ng likas yaman mula dito, gaya ng pagtatakda ng panahon para sa pangangaso, pagtatakda kung saang bahagi ng kagubatan maaaring magputol ng kahoy, gaano karaming kahoy lamang ang maaaring putulin, pagbabawal na iberta sa labas ng *ili* ang naputol na kahoy, at ang panahon ng pagkuha ng pulot at panghuhuli ng ibon.

### B. PAGKAKAHATI SA MGA URI

Maihahanay sa apat na tipo ang mga pamayanan ng Kordilyera sa pagdating ng mga Amerikano kung pagkakahati sa mga uri ang bibigyang-pansin.[4]

- nangangasong mga Negrito sa paanan ng Ilocos at Cagayan, Chico River Valley at silangang bahagi ng Pangasinan. Wala silang kinikilalang pagkakahating makauri sa kanilang organisasyong panlipunan, at itinuturing na pinuno ang pinakamalawak ang karanasan o kaalaman.

- mga pamayanang *swidden* o *dry rice* agriculturists *(uma)* at *nagsasayo* sa Apayao, hilagang Abra at ilang lugar sa hilagang Kalinga. Sa huling mga taon sa ilalim ng Kastila, umabot ang *wet rice culture* sa kanila. May kinikilala silang grupong *maingel* (mga mandirigma) kung saan nagmumula ang lider ng pamayanan. Partikular sa Isneg, nahati ang lipunan sa *ba-nan* na bagama't may surplas na palay kung kaya't nakakapagdaos ng *say-am* (ritwal) ay hindi naiiba ang katayuan sa ikalawang grupo, ang mga *nalimrut* na hindi sapat ang inaaaning palay mula sa sariling lupa kung kaya't nagtatanim din ng gabi, mais, at kamoteng kahoy; pinakamahirap ang mga *sibud* na karaniwang nagtatrabaho sa lupa ng mga *ba-nan*.

- mga pamayanang may *payaw/payoh* (permanente o natutubigang sakahan) ng palay at gabi sa hilaga at silangang Benguet, Ifugao at timog na bahagi ng Kalinga. Nahahati ang mamamayan sa *kadangyan* o *baknang* na may pinakamalawak at maraming

pagmamay-aring *payew* at mamahaling gamit pang-ritwal; ang ikalawang grupo na maituturing na gitnang uri (*sassa-ew* sa Bakun, *namatuk* o *mabitil* sa Ifugao, *lawa* sa timog Kalinga at Bontoc), may sariling lupang sinasaka subalit hindi sapat ang ani para sa sariling konsumo; at ang ikatlong grupo na walang pagmamay-aring lupa (*kotlangan* sa Kalinga, *nga-ew* sa Benguet, *lawa-lawa* sa Bontoc, *nawotwot* sa Ifugao).

Malinaw na may mapagsamantalang relasyon sa pagitan ng *baknang* at iba pa kung ibabatay sa paglahok sa produksyon, pagpapatubo sa utang, at pagbabahagi ng ani - mga salik na hindi matingkad sa ikalawang tipo at lalong hindi umiral sa unang tipo. Sa mga ganitong lipunan, kinikilala ang katayuan ng pinakamahuhusay sa matatanda bilang konseho para sa paggawa ng mga desisyon para sa pamayanan (*ato/ator* sa Bontoc, *intugtukan at dallaka* sa Lepanto-Bauko, *amam-a* sa Sagada at Benguet, *among da pappangat* sa Kalinga kung saan hindi naglaon ay kinilalang *pangat* ang pinakamahusay sa mga *maingel*).

- mga pamayanang may minahan ng ginto at pastulan ng baka sa timog Benguet. May paghahati ng lipunan sa mga *baknang*, ang kilalang mangangalakal na may malaking bilang ng baka o miniminang lugar, at may pagmamay-aring mga sakahan (bagamat sa pangangalakal at pagmimina ang batayang ikinabubuhay) at alipin; *kailianos* o *biteg* (na walang pagmamay-aring alipin o minahan), na naging silbi (sa mga sakahan at pastulan), o pastol (tagapag-alaga ng mga baka), o tagibi (nagserbisyo sa tahanan o taniman ng mga *baknang* upang magkaroon ng kakainin); at ang mga alipin (*baga-an* o *bague*) na siyang nagsilbing tanging lakas-paggawa sa mga minahan.

Sa pangkabuuan, mahalagang banggitin na nasa iba't ibang antas ng pag-unlad ang mga pamayanan ng Kordilyera sa pagpasok ng imperyalismong EU at tanging sa bahaging timog ng Benguet nakita ang produksyon para sa pangangalakal (ginto) at malinaw na mapagsamantalang relasyon ayon sa pagkakahati sa mga uri. Sa iba pa, nanatiling para sa sariling konsumo ang antas ng produksyon o kung may surplas man lalo na sa paglaganap ng *wet rice culture*, ay sa mga pamayanan sa loob ng Kordilyera pa rin ginamit ang surplas na ito.

Hindi isinasama sa pagtitipong ito ang kalakihan ng Abra (ang kapatagan) kung saan umiral na ang pagtititulo ng mga sakahan bunga ng mga migrasyong Iloko at pamahalaang kolonyal na Kastila. Pyudal na relasyon sa produksyon ang umiiral sa kalakihan ng Abra, kung gayon, at nahati ang lipunan sa panginoong maylupa (mga Kastilang may-ari ng mga plantasyon at lokal na prinsipalia); ang panggitnang magsasaka na may sariling lupang sinasaka o ipinapasaka sa iba; at ang mga mahirap na magsasakang maliit o halos walang lupang pagmamay-ari.)

### K. Mga Pagbabago sa Paggamit at Pagmamay-ari ng Lupa at Likas-Yaman: Epekto sa Kalikasan, Uri at Kakanyanahang Pang-etniko

Binago ng pamahalaang kolonyal ang tradisyunal na sistemang nabanggit sa pamamagitan ng sumusunod na instrumento sa pagbabago sa pananaw sa lupa at likas yaman:

1. Batas ng estadong kolonyal
   - *Doktrinang Regalian, Organic Act o Philippine Bill (1902),Public Land Act (1903, 1918)*

Bagamat, ginamit na noon pa mang panahong kolonyal sa ilalim ng Espanya, pinairal ng Estados Unidos ang esensya ng doktrinang ito (na pagmamay-ari ng estado ang lahat ng lupang pampubliko, ibig sabihin, ang hindi pa naisasa-pribadong pagmamay-ari na pinatutunayan ng titulo). Limitado ang narating ng mga *cadastral survey* ng mga Kastila noong huling dekada ng ika-19 na dantaon kung kaya't iilang mga pamilya lamang, karaniwang mga *baknang* pa nga (o kinikilalang pinakapinuno at mayayaman sa pamayanan) ang nakapagpatitulo ng lupa sa Benguet at Mountain Province. Hanggang sa unang bahagi ng panahong Amerikano, hindi naging malawakan ang inabot ng pagpaparehistro sa kabila ng *Public Land Act* ng 1903 at 1918 na naghimok sa mga mamamayan na magparehistro ng kanilang mga lupa.

Sa katunayan, lumikha ito ng pagkakataon upang angkinin ng ilang indibidwal o pamilya kahit ang mga lupain na kolektibong ginagamit at pagmamay-ari ng angkan; sa pangalan ng kinikilala kundi man sa pinakamayaman na kinatawan ng pamilya naisadokumento ang lupang ipinarehistro. Inilahad sa isang

opisyal na ulat noong 1916 kung paano ginawa ang pagrerehistro: inililista ng mga opisyal ng probinsya ang kinikilalang may-ari ng isang piraso ng lupa, kasama ang paglalarawan dito, at pagkatapos ay binibigyan ng kopya ang may-ari ng lupa at ang gobernador upang maging batayan ng pagtititulo sa ibang panahon; ang walang matukoy na nagmamay-ari ay itinuturing na lupang maaaring ipamigay sa walang lupa kung hindi produktibo sa nakaraang pitong taon.[5] Marami ang pamilyang nawalan ng kanilang karapatan sa lupa dahil sa sistemang ito kahit bahagi ng kanilang tradisyon ang palipat-lipat na pagsasaka. Tanging ang mga *baknang* lamang ang nagkaroon ng pagkakataon na iparehistro ang kanilang mga lupa, pati na ang lupang dating kolektibong pag-aari ng kanilang angkan o buong ili pa nga, subalit hindi naglaon ay ibirenta o ipinaupa rin nila ito sa mga may kapital na kumpanyang nagmimina.

• *Mga batas hinggil sa pagmimina (mga regulasyon ng pamahalaang Kastila, Mining Act ng 1905 at 1935)*

Hindi pa man pormal na naisalin sa EU ang kapangyarihang kolonyal ay nagliparan na ang mga Amerikanong *prospectors* sa Benguet noong 1898. Malaking kaguluhan ang idinulot nito, kung kaya't napilitan ang EU na itatag ang isang *Mining Bureau* noong Marso 1900. Sa katunayan, kaya minadali rin ang pagpasa sa *Benguet Law* ay upang maregularisa ang takbo ng pamahalaan dahil sa nag-uunahang mga *mining prospectors* sa probinsya. Sa pagkakatatag ng pamahalaang sibil, umabot nang 300 ang nagsideklara ng kanilang *mining claims* sa taong 1903 pa lamang.

Marami sa mga naunang *prospectors* na ito ang nakipag-asawa sa mga lokal na babae, at sa kabila ng mga katutubong klasipikasyon ng lupa, nailatag ang unang paghihiwalay sa konsepto ng *surface* at *sub-surface* o *mineralized rights* sa mga lupang dating sakahan subalit ngayong ginamit na rin bilang minahan (sa katutubong pamilya ang *surface rights*, sa mga *prospectors* ang *sub-surface rights*). Bago ito sa pag-unawa ng mga pamayanan na ang mga eryang minimina ay karaniwang kolektibo pang nagagamit.

Nagawa ng mga may kapital na puti na magpalawak ng kanilang konsesyon, hindi lamang sa ilalim kundi maging sa ibabaw ng kalupaan kaya't unti-unting nameligro ang.mga

katutubo. Pinagtibay sa *Mining Act* ng 1905 na malayang okupahan, gamitin, at bilhin ang pampublikong lupa, na humantong sa malalaking pamumuhunan. Sa *Mining Act* noong taong 1935 (Act No. 137), kahit ang maliitang produksyon sa ginto ng mga katutubo sa pamamagitan ng pagsasayo *(goldpanning)* o usok *(lode mining)* ay ipinagbawal pa. Marami sa mga katutubo ang hindi lamang unti-unting nawalan ng lupa, kinailangan ng marami sa mga *Ibaloy* ang maghanap ng ibang produktibong lupa sa bandang interyor samantalang ang mga *Kankanay* ay mas natransporma bilang mga minero. Gayunpaman, hindi hamak na higit na nakararami ang mga migranteng Iloko at taga-Pangasinan at La Union na nagsilipat sa Benguet, pati na ang mga Tsino at Hapones. Lumaki nang halos 500% ang bilang ng manggagawa sa mga minahan, at 31% lamang ang mga katutubong Igorot sa mga ito. Karamihan ay hindi mga taga-Benguet kundi taga-Kiangan at Bontoc.

Sa paglakas ng industriya ng pagmimina, nagtatag ng malalaking korporasyon sa hilaga at timog ng Benguet, tulad ng *Benguet Consolidated Mining Co.* (BCMC) at Lepanto. Ang pagsulong ng monopolyo kapital sa pagmimina ay pinatunayan ng inabot ng BCMC na nagkamal ng kontrol sa 75% ng produksyon ng ginto ng Baguio sa taong 1926. Pinalakas pang lalo ng *Great Depression* sa EU ang tunguhin sa industriya ng pagmimina ng ginto sa Pilipinas para sa lumikas na kapital, gayundin ang kapital na dating nasa pangangalakal ng produktong agrikultural dahil sa ngayo'y humina ang pagluluwas ng asukal, abaka, tabako at niyog. Sa panahong ito nakonsolida ang kumprador at panginoong maylupang interes ni Soriano (sa Antamoc) at ng Balatoc Mines. Sa kabuuan, 10 malalaking korporasyon at 20 mas maliliit pang kumpanya sa pagmimina ang naitatag sa Kordilyera noong panahon ng Amerikano, na may produksyong umabot sa halagang 70 milyong piso taun-taon. Sinuportahan ng industriyang ito ang pangangailangan sa kagamitang pandigma mula sa *chromium, copper* at *manganese* ng EU noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

- *Mga batas kaugnay ng forestry*

Liban sa paglaki ng industriya ng konstruksyon para sa mga

opisina, bahay at ginagawang mga daan at tulay sa unang dekada ng dantaon, malaking pinuntahan ng pinutol na kahoy ng Benguet at Bontoc ang mga minahan hanggang sa sumunod na mahigit 70 taon. Pinagtibay ng *timber licenses* ang malawakang pagpuputol ng kahoy lalo na sa lugar ng Baguio para sa BCMC kung kaya't kinailangang pasukin na rin ang lugar papuntang Bontoc.[6] Itinatag ang dalawang *sawmill* sa Santo Tomas at Irisan, at hindi naglaon, hanggang sa lugar ng Mount Data sa Bauko kung saan ipinagpatuloy ang pagputol ng kahoy para sa pangangailangan ng mga minahan. Sa pagitan ng 1933-1938 (ang piryod ng *mining boom*), tinatayang umabot sa 126,000 $m^3$ ang taunang ani mula sa kahuyang pino *(pine forest)* na sobra-sobra sa rekomendadong 18 000 $m^3$ lamang na dapat sana'y kinukuhang troso mula sa mga kahuyan.[7] Sa katunayan, kinailangan nang kumuha ng kahoy mula sa ibang probinsya sa labas ng Mountain Province noong mga panahong ito, ayon pa rin sa pag-aaral ni Lansigan. Sinisisi rin ang *mining boom* sa pagkaubos ng mga puno sa kagubatan at pagkamatay ng mga baka at iba pang hayop sa bundok ng Mankayan noong 1930s kung kaya't humantong sa korte ang naging suliranin sa malawakang pagkawasak ng kapaligiran.[8]

2. Pagbabago sa agrikultura at kalakalan tungo sa komersyalisasyon ng produksyon at palitan ng produkto

Masusuma sa dalawang tunguhin ang nangyari sa agrikultura, *diversification* at *commercialization*. Sa pananaw ng kolonyalismo, kailangang may sapat na pagkain ang mga katutubo upang normal silang makalahok sa sibilisadong pamumuhay sa ibang mga Pilipino. Ito ang opisyal na paliwanag sa programa sa agrikultura, kaya't dinala sa Kordilyera ang mga makabagong halaman at teknik sa pagtatanim. Subalit matingkad na ipinalaganap ang dalawang uri ng mga produkto—ang mga gulay at kape, na kapwang inilaan para sa pakikipagkalakalan sa labas.

Kilala bilang pangunahing pinagmumulan ng mga gulay ang Benguet, at ng kape ang Kalinga, hanggang ngayon; subalit hindi alam ng marami na ang buong kasaysayan at ekonomiyang pampulitika ng dalawang produktong ito ay nag-alis sa mga katutubo ng kontrol sa kanilang kalupaan. Ang dalawang produktong ito ang sumasagisag ng matinding pagkawasak ng

kapaligiran at likas yamang biolohikal at pisikal ng Kordilyera. Hindi lamang nasira ang kakayanan ng dalawang lugar para sa sariling produksyon, kundi nasira ang buong sistemang ekolohikal ng mga eryang pangunahing pinagtamnan ng dalawang produktong ito para sa pamilihan ayon sa umiral na kapitalista at mala-pyudal na kalagayan ng produksyon. Sa produksyon ng gulay, halimbawa, nalikha ang pagsandig sa inaangkat na mga buto o semilya pati na pampataba ng lupa at mga kemikal na pangkontra sa mga peste, samantalang ang presyo ng gulay ay mahigpit na nakokontrol ng mga mangangalakal na pinagkukunan ng pinansyal na kapital.[9]

Naging mabilis ang pagkalat ng sistemang agrikultural na ito sa Benguet at umabot hanggang *Mountain Province*, kung kaya't unti-unti ring nilinis ang dating mga gubat at *watershed* ng dalawang probinsya. Ang mga dating *baknang* at *abiteg* na nabuhay sa pagtatanim ng palay o pag-aalaga ng baka ay unti-unting napalitan ng mga komersyante sa gulay, naging *producer* na lamang para sa sariling konsumo, o kaya'y naging manggagawang magsasaka.

3. *Social engineering:* pagpapanibagong hulma ng paniniwala, pagpapahalaga, gawi, kamalayan, at relihiyon

Bago pa man itinatag ang pamahalaang sibil at kahit naitatag na ang pinag-isang *Mountain Province* sa unang dekada, masugid na isinagawa ng pamahalaang kolonyal ang pagpapanibagong hulma mg mga institusyong panlipunan upang umayon sa gawi ng mga Amerikano. Ang pagkakatatag ng lokal na bersyon ng *Philippine Constabulary* ang pinakaepektibong instrumentong ginamit sa pasipikasyon. Pumapangalawa dito ang manipulasyon sa katutubong institusyon upang baguhin ang paniniwala at maging ang pamamaraan ng paglutas ng mga tunggalian Ilang halimbawa ang binanggit ni Jenista sa kanyang pag-aaral[10] ang paggamit ng kulay puti at mataas na bulol (religious idol, karaniwang kulay itim at maliit) o bulol na may hawak na bandilang Amerikano, ang paglulunsad ng grand *cañao* (seremonyang tanging mga *kadangyan* na Ifugao lamang ang nakagagawa), at ang paggagawa ng sariling *hagabi* (upuang tanging para sa *kadangyan*)—ngayo'y ginawa ng mga opisyal na

Amerikano – ay nagpahina sa katutubong paniniwala at katayuan ng mga *kadangyan* sa Ifugao. Sa madaling sabi, upang maging epektibo ay nag tila-*apo* (terminong may paggalang para sa matatanda) ang mga puting opisyal. Samantala, ang mga katutubong lider na ito ay unti-unting ipinaloob sa administrasyong kolonyal. Pinagkumpetensya pa sila sa mga bagong elite na dahil sa posisyon sa burukrasya at edukasyon ay lumitaw sa loob ng unang tatlong dekada ng dantaon. Kung saan may malinaw na batayan ng makauring pagkakahati sa lipunan, naging instrumento ang eleksyon upang higit na makonsolida ang kapangyarihan ng mga *baknang* na tumanggap sa kolonyalismo sa pamamagitan ng posisyon sa pamahalaan at edukasyon, at kung tumanggi ay napapalitan sila ng mga panibagong elite. Sa Benguet pa nga ay ipinagbawal ang pagtangging manilbihan sa pamahalaang kolonyal. Samantala sa Lepanto-Bontoc, pinagkumpetensiya ang mga katutubo at mga Ilokong *settler* sa kanilang partisipasyong pampulitika sa mga konsehong dating puro mga katutubo lamang ang kasapi.

Ginamit din ang *tongtong* at *intugtukan* para sa pag-oorganisa at pagmomonitor sa mga gawain ng pamayanan, kasama na ang pagmobilisa sa kanila para sa pagbabayad ng buwis at pagbibigay ng serbisyo sa mga ginagawang kalsada (sa *diez dias* o *road tax*).





Fig. 4 Transect ng sistemang ekolohikal sa mga pamayanang katutubo sa Kordilyera.



Fig. 5 Sa Ifugao, ginawang katulad ng kulay at taas ng *apo dios* na puti ang *bulol*, pinaghawak ng bandilang Amerikano bilang simbolo ng higit na mabisang kapangyarihan ng pamahalaang kolonyal (mula kay F. Jenista).

Samantala binago ang mga konsehong ito sa pamamagitan ng pagpapailalim nila sa batas ng estadong kolonyal. Kaya't sa Bila, Bauko, ang isang *ato* para sa isang grupo lamang ng mga miyembrong pamilya (ang *Laglagan*) ay naging isang sentral na *Timbulan* o konseho para sa buong pamayanan at dito na pinagpasyahan ang mga tunggalian o isyu ng lipunan. Dahil dito, humina ang impluwensya ng iba pang mga *ato* sa erya.[11]

Bahagi pa rin ng *"peacekeeping"* ang paghimok sa mga pamayanan na ihinto na ang mga pag-aawayan at gamitin ang *bodong* o *pechen* (peace pact). Ito ang dahilan kung bakit

maraming narating na bodong sa erya ng Kalinga, Mountain Province at partikular sa Ifugao. Ang munkalon *(go-between)* ay ginawang opisyal na kinatawan ng pamahalaan kung kaya't natransporma rin ang institusyong ito (hindi na nakabatay sa husay at respetong nakakamit sa pagiging tagapamagitan).

Pinakamapanirang tunguhin naman sa kalikasan kaugnay ng *social engineering* ang malawakang konstruksyong ibinunsod ng pamahalaang kolonyal upang malayang makalabas-pasok ang banyagang kapital at mga likas-yaman ng rehiyon. Unang ginawa ang *Kennon Road* o *Mountain Trail* (ito ngayon ang Baguio-Bontoc National Road) noong 1901 hanggang 1905, umabot sa Km. 14 noong 1916 at sa Atok (sa *Haight's Place*) noong 1925, sa Natubleng noong 1928, at sa Bontoc noong 1931. Ang pangunahing daan na ito ang nagsisilbi pa ring pangunahing tagapag-ugnay ng iba't ibang probinsya ng rehiyon hanggang sa kasalukuyan, at daluyan ng pamilihan para sa mga inaangkat na sasakyan, makinarya, produktong langis na kailangan sa industriya ng pagmimina, pagtrotroso at transportasyon; sa kabilang banda, ang mga daan din ang daluyan ng mga produktong pangkonsumo ng mamamayan, mula sa mga lokal nilang produksyon at ang inaangkat mula sa kapatagan. Gayunpaman, ipinagbawal sa unang 13 taon nina Worcester at Forbes ang anumang interaksyon sa pagitan ng mga tagapatag at bundok, kung kaya't nalimita lamang ang lokal na kalakalan sa mga taga-Kordilyera, habang pumapaloob ang lokal na ekonomiya sa kapitalistang produksyon at malapyudal na pakikipagkalakalan.

Sumusunod na mahalagang tunguhin ang pagtatayo ng mga gusaling pampubliko: munisipyo, mga paaralan, ospital, pamilihan, atbp. Mahalaga ang papel na ginampanan ng mga misyon ng simbahan - ang *Episcopal* o *Anglican Church* at ang mga paring *Belgian* ng CICM - sa pagpapalaganap ng pormal na sistema ng edukasyon at pagbabago ng kultura. Naging modelo naman ang lungsod ng Baguio sa kinalabasan ng urbanisasyon sa Kordilyera, na nagpatampok sa pagdagsa ng libu-libong mamamayang buhat sa iba't ibang grupong etniko at nagpawalang bisa kung gayon sa pagiging pamayanang Ibaloy ng lungsod na ito.

## III. MGA ISYUNG HINAHARAP NG KORDILYERA

Sa ika-isandaang taon ng pagpasok ng imperyalismong EU sa Kordilyera, malalim at malawak ang naiwan nitong epekto sa buhay ng mamamayan. Nakaugat sa sistema ng pagkontrol sa kalupaan at likas yaman nito ang binagong kalagayan sa produksyon na ngayo'y wala na sa kontrol ng mayorya sa mga katutubong pamayanan. Sa katunayan, nagbubunsod ito ng papatinding paglaki ng bilang ng anak-pawis sa rehiyon. Bagamat may ilang mga pamayanang nakakaya pang pairalin ang kanilang katutubong sistema sa kolektibong pamumuhay, dahil sa lukob ng imperyalismo, ang lokal na ekonomiya ay patungo sa pagkawasak ng mga institusyong ito.

Pagkaraan ng isandaang taon, nalikha ang 6 na tipo ng mga erya na pawang may hindi pantay na pakikipag-ugnayan sa pulitika, kabuhayan at kultura sa antas pangrehiyon at pambansa, na ibinunga ng karanasang istorikal.

- mga erya sa interyor na may maliliitang produksyong nakasasapat sa lokal na konsumo [A]
- *logging zones*, dating nasa saklaw ng malalaking pribadong korporasyon subalit halos naubos na ang kahuyan kaya't nasa yugto ng reforestation [B]
- *vegetable producing belt* sa Benguet at western Mt. Province [K]
- minahan, na kontrolado ng mga pribadong korporasyon, partikular sa timog Benguet, may maliitang produksyong nakasasapat sa sarili [D]
- kapatagang may malawak na erya para sa produksyong may surplas ng palay at gulay [E]
- sentrong bayan para sa komersyo, edukasyon at pamahalaan [G]

Kung ihaharap sa isang transect (Fig 4) ang mga eryang ito ay makikita ang tindi ng pagbabago ng kalagayan sa produksyon relatibo sa kalagayan ng kapaligiran. Lilitaw na pinakamatindi ang suliraning ekolohikal sa [A] at [B] samantalang halos nawasak na ang kapaligiran ng [G] at [E].

Kung ihahambing ang tindi at saklaw ng impluwensya ng mga katutubong institusyon lalo na sa usapin ng kontrol sa paggamit at pagmamay-ari ng kalupaan at likas yaman, lumalabas na

pinakamalakas pa rin ang katayuan ng mga katutubong institusyon sa mga eryang nasa tipo [A] at [B].

Maipapalagay ding pinakamatindi ang relasyong mapagsamantala sa lokal na populasyon sa mga eryang nasa tipo [K], [D], [E], at [G], kung saan ang kabuhayan ng mamamayan ay mas mahigpit nang nakadikit sa sistemang pambansa at pandaigdig.

Partikular sa mga erya para sa produksyong komersyal ng gulay [K], pagmimina [D], at mga sentrong bayan [G], pribadong pagmamay-ari ng lupa na pinagtitibay ng mga titulo o *tax declaration* ang pangunahing batayan ng kabuhayan ng mataas na panggitnang magsasaka pati panginoong maylupa, samantalang pamumuhunan (pautang) at kontrol sa kalakalan, ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga lokal na kapitalista at uring komprador na hindi taga-Kordilyera. Hindi sapat ang lupa, rudimentaryo ang teknolohiya o kaya'y disbentahe o bumagsak nang kalagayang ekolohikal ang kinakaharap naman ng nakararami sa mababang panggitnang magsasaka at mahirap na magsasaka. Sa harap ng komersyalisasyon ng pamumuhay (panustos sa edukasyon, gamot at kalusugan, pagkain, transportasyon, atbp.), lalong tumitindi ang di-pantay na mga ugnayang makauri sa hanay ng lokal na populasyon, kaya't tunguhing sosyolohikal din sa rehiyon ngayon ang paglikas sa ibang lugar upang maghanapbuhay.

Ipinakikita ng mga halimbawang binanggit sa itaas ang ibinungang pagbabago ng imperyalismong EU sa moda sa produksyon at kakanyahang pang-etniko ng mga pamayanan sa Kordilyera ng hilagang Luzon.

## Mga Tala

1 May detalyadong pagtalakay ang awtor hinggil sa paglahok ng Kordilyera sa "Ang Mga Katutubong Lider ng Benguet sa panahon ng Rebolusyon: Para sa Pambansang Paglaya o Lokal na Awtonomiya?" sa pp. 106-134 sa *Resistance and Revolution in the Cordillera*. D. Tolentino, ed. Lunsod ng Baguio: UP Kolehiyo sa Baguio, 1994.

2 *Report of the Philippine Commission to the President*, Vol.II (Testimony and Exhibits). Washington: GPO, 1900. Pp. 323-327.

[3] Ilan sa pangunahing sanggunian na masusing nag-aral sa tunguhin sa pagmamay-ari ng lupa ang mga disertasyon nila Rowena Reyes-Boquiren, *Natural Resource Management Practices and Property Rights Among the Northern Kankana-ey in Bauko, Mountain Province: Interactions Between Custom Law and State Law Since the 1900s*, Quezon City: University of the Philippines, 1995, 172 p.; Martin Lewis, *Mansida in Buguias: Economic Ecological and Ideological Transformations in the Philippine Cordillera*, Berkeley: University of California, 1987. Bolyum II. Tinalakay rin ito ni June Prill Brett sa "Indigenous Socio-Political Institutions and Concepts of Territory. Identity and Land Resources in the Cordillera" sa *Advancing Regional Autonomy in the Cordillera: A Sourcebook*. Inilathala ng FES at CSC, Lunsod Baguio: UP Kolehiyo sa Baguio, 1994.

[4] Para sa kumperensya, isinuma na lamang ang datos at pagsusuri ng Tawid, *History of the Peoples of the Cordillera* Hindi pa nailathala, 1983.

[5] *Report of the Philippine Commission to the Secretary of War 1915* (January 1, 1915 to December 21, 1915). Washington: GPO, 1916, Appendix, p. 110.

[6] Ayon kay Lansingan, N.P., nauubos na ang mga mapuputol na kahoy sa Baguio noon pa mang 1905 kung kaya't kinakailangang muling tamnan ng puno ang lungsod. Sa "Relationship Between the Mining Industry and the Benguet Pine Forest in the Mountain Province" sa *Philippine Journal of Forestry* 4:1 (1941), p.49.

[7] Ayon ito sa Ulat ni Thompson para sa ahensya ng gubat sa Pilipinas, binanggit ni Tom Gill sa kanyang *Forestry Proposals for the Philippines: A Report to the International Cooperation Administration and the National Economic Council*. Maynila, 1959.

[8] Mula sa mga panayam para sa kasaysayang lokal ng Mankayan at Bauko para sa magkaibang pag-aaral ng awtor noong 1979 at 1994.

[9] Ilan sa mga pag-aaral hinggil dito ang *History and Political Economy of the Vegetable Industry* ni Boquiren (Lunsod ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1987), gayundin ang Mansida ni Lewis (ibid.).

[10] Jenista, Frank. *The White Apos*. Quezon City: New Day Publishers, 1987.

[11] Boquiren. *op. cit.*, pp. 164-165.